Dumating sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang isang mata [tagapagmasid] mula sa mga Mushrikin [Sumasamba sa mga Diyus-diyosan],habang siya ay nasa paglalakbay niya

Ayon kay Salamah bin Al-Akwa`, malugod si Allah sa kanya.-siya ay nagsabi:((Dumating sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang isang mata [tagapagmasid] mula sa mga Mushrikin [Sumasamba sa mga Diyus-diyosan],habang siya ay nasa paglalakbay niya,Umupo siya sa mga kasamahan niya na nakikipag-usap,Pagkatapos ay biglang nawala,Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:Hanapin ninyo siya at patayin ninyo,Napatay ko siya,binigyan niya ako ng [karagdagan mula sa] Baluti niya))At sa isang salaysay: ((Nagsabi siya: Sino ang nakapatay sa lalaki? Ang sabi nila: Si Ibn Al-Akwa,Nagsabi siya: Sa kanya ang lahat ng Baluti niya))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa Hadith na ito ay pagpapahayag ng Panuntunan sa Islam sa sinumang nag-eespiya sa mga Muslim mula sa mga Hindi mananampalataya na mga mandirigma.Tunay na sinabi ni Salamah bin Al-Akwa`, malugod si Allah sa kanya.-siya ay nagsabi:" Dumating sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang isang mata [tagapagmasid] mula sa mga Mushrikin [Sumasamba sa mga Diyus-diyosan].: Ang Tagapagmasid ay ang Espiya,tinawag siya nito;dahil ang trabaho niya ay ginagamitan ng mata,o dahil sa tindi ng pagbibigay atensiyon niya sa pagmamasid at pagkalulong niya rito,na para bang ang lahat ng [parte] ng katawan niya ay naging mata na " Habang siya ay" ibig sabihin sa kalagayan na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-" ay sa paglalakbay,Umupo siya": ibig sabihin ay: Ang Espiya: " Sa mga kasamahan niya at nakikipag-usap",pagkatapos ay biglang nawala" ibig sabihin ay : Umalis."Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:Hanapin ninyo siya at patayin ninyo,Napatay ko siya."Binigyan niya ako" ibig sabihin ay:binigyan niya ako ng karagdagan;at ito ay ang natatanging [pagmamay-ari] ng isang lalaki mula sa nadambong.at idinagdag ito sa bahagi niya " Baluti niya" ibig sabihin ay : anumang [bagay] na nasa kanya mula sa damit at sandata.Tinawag siya dito;dahil ito ay [nagsisilbing] baluti sa kanya, At nasasaklaw sa Baluti ang :Ang sasakyan at ang mga bagay dito mula sa siyahan at mga kagamitan;At ang mga bagayn sa hayop [na sinasakyan] mula sa mga salapi,at ang anumang nasa gitna nito mula sa ginto at pilak.